7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 4

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kwarter 4: Aralin 5 (para sa Ikalimang Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Abigail I. Mirabel-Agapay (Liliw National High School)

**Tagasuri:**

- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal)* para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>• Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa sariling pananaw, moral, katangian, at karanasan ng tao<br>• Nasusuri ang mga elementong panglingguwistika sa Ibong Adarna (sukat, tugma, talinhaga, at estilo)<br>• Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra Maestra-Ibong Adarna – estereotipo (uri, kasarian, edad, etnisidad, pangkat, antas ng pamumuhay, diaspora, at PWD) |
| **D. Nilalaman** | Obra: Ibong Adarna<br>Saknong 730-1006 |
| **E. Integrasyon** | Gender Sensitivity |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| (2024). Coursehero.com. https://www.coursehero.com/file/161258842/PAMAMARAAN-AT-ISTILO-SA-PAGSULAT-NG-TULA-JENECCA-RIPARIPpptx/ |

*Mga Bahagi ng Isang Tula | PDF*. (n.d.). Scribd. Retrieved February 24, 2024, from https://www.scribd.com/doc/23193736/MGA-BAHAGI-NG-ISANG-TULA

*Mga Uri at Elemento ng Tula*. (2014). Studocu; Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/iloilo-science-and-technology-university/bachelor-of-elementary-education/mga-uri-at-elemento-ng-tula/50847153

*SuperSummary*. (n.d.). SuperSummary. https://www.supersummary.com/stereotype/

*TAYUTAY - Mga Iba't Ibang Uri at Halimbawa | PDF*. (n.d.). Scribd. Retrieved February 24, 2024, from https://www.scribd.com/presentation/508597769/TAYUTAY-Mga-iba-t-ibang-uri-at-halimbawa

*The Seven Deadly Sins Against Women*. (2011, December 6). Center for Women's Resources. https://cwrawe.wordpress.com/2011/12/06/the-seven-deadly-sins-against-women/

*These Are the 7 Types of Love*. (2016). Psychology Today. https://www.psychologytoday.com/intl/blog/hide-and-seek/201606/these-are-the-7-types-love

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br><br>1. Maikling Balik-aral<br><br>TOTOO O DAPAT IWASTO? Basahing mabuti ang bawat pangyayari mula sa mga saknong na pinag-aralan noong isang linggo. Kung wasto ang pangyayari, isulat ang Adarna. Kung mali, bilugan ang salitang dapat iwasto at isulat ang tamang salita sa patlang.<br><br>____________1. Natagpuan ng mga kapatid niya si Don Juan sa Armenya.<br><br>____________2. Natuklasan ng magkakapatid ang mahiwagang kuweba sa Armenya.<br><br>____________3. Lahat sila ay nagtagumpay na bumaba sa balon at natuklasan ang isang lugar na malaparaiso ang ganda.<br><br>____________4. Natalo ni Don Juan ang higante at serpyenteng may pitong mga tagapagbantay nina Donya Juana at Donya Leonora.<br><br>____________5. Matapos mailabas ang mga prinsesa, bumalik si Don Juan upang kunin ang naiwang kwintas ni Donya Leonora subalit pinutol ni Don Pedro ang lubid.</td><td>Unang Araw<br><br>Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa nakaraang talakayan. Maaari ring magdagdag ang guro batay sa kung ano pa ang gusto niyang bigyang-pansin sa nakaraang talakayan.<br><br>Sagot:<br><br>1. Adarna<br>2. (kuweba) – balon<br>3. (lahat) – Si Don Juan lamang<br>4. Adarna<br>5. (kwintas) – singsing</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghihikayat na Gawain**<br>**YES O NO.** Palilinyahin ang mga mag-aaral sa gitna o sa isang espasyo na maaari silang bumui ng isang linyan. Magtatanong ang guro, ang lahat ng pabor sa tanong ay pupunta sa kanan at ang hindi naman naniniwala ay pupunta sa kaliwa.<br><br>***Naniniwala ka ba sa 'love at first sight'?***<br><br>*Gabay na tanong:*<br>1. Bakit naniniwala ka na maaaring umibig agad sa isang tao sa unang pagkakataon na sila ay magkita?<br>2. Bakit hindi ka naniniwala dito?<br>3. Sino kaya ang tauhan na makararanas ng ganitong phenomena sa mga susunod na saknong?<br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ayon sa 1 Corinto 13:4-8, ang pag-ibig ay mabait, hindi naiinggit, hindi nagmamataas, hindi nag-uugali ng hindi nararapat, hindi naghahangad ng sariling kapakinabangan, hindi madaling magalit, hindi nag-iisip ng masama, at hindi nagagalak kasinungalingan. Ito rin ay nagtatakoop ng lahat ng bagay, naniniwala sa lahat ng bagay, umaasa sa lahat ng bagay at nagbabata sa lahat ng bagay. Ayon pa sa kasulatan, hindi nagwawakas ang pag-ibig.<br>Ayon naman sa mga pilosopong sina Plato and Aristotle na nalathala sa aklat na *Colors of Love* ni JA Lee (1973), may pitong uri ang pag-ibig:<br>1. ***Eros*** – Ito ang pag-ibig na may halong atraksiyong pisikal. Ayon sa mitolohiyang Griyego, ang pag-ibig na ito ay dulot ng pagpana ni Cupid, ang diyos ng pag-ibig.<br>2. ***Philia*** – Ito naman ay pag-ibig para sa kaibigan na nag-uugat sa maayos na pagsasama, pagiging maaasahan at pagiging mapagkakatiwalaan.<br>3. ***Storge*** – Ito naman ang pagmamahal sa pagitan ng magulang at mga anak.<br>4. ***Agape*** – Ito ay ang pangkalahatang pag-ibig katulad ng pag-ibig sa Diyos, sa kapwa, at sa kalikasan. Itinuturing ding *agape* ng mga Kristiyano ang pagkakawanggawa at hindi makasariling pagmamalasakit | Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Kung maliit ang silid-aralan, maaaring hindi na palinyahan ang mga mag-aaral. Sa halip, gumamit ng ibang nonverbal cues tulad ng thumbs up o thumbs down, at iba pa. Kung may mas angkop na gawain ang guro, maaaring ito ang kanyang gamitin.<br><br>Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang mga kasanayang pang-akademik.<br><br>Ang gawaing KAHULUGAN, IYONG TURAN! ay maaaring gawing pangkatan o isahan para ang lahat ng mga mag-aaral ay magkaroon ng |

| | | |
|---|---|---|
| | para sa kapakanan ng iba.<br>5. ***Ludus*** – Ito ay mapaglaro o walang pangakong pag-ibig.<br>6. ***Pragma*** – Ito ay ang praktikal na pag-ibig na nakabatay sa pangmatagalang interes o pangangailangan.<br>7. ***Philautia*** – Ito naman ang pagmamahal sa sarili na kung sosobra ay maaaring maging *hubris* na hindi maganda sapagkat ito ay pagturing sa sarili na mas nakahihigit sa Diyos o sa kapakanan ng iba. Nagiging mabuti ang *Philautia* kung ang tao ay may malusog na pagpapahalaga sa sarili at hindi nakabatay ang pagtingin niya sa kaniyang sa sarili dahil sa kayamanan, katayuan, o katanyagan sa lipunan.<br><br>*Gabay ba tanong:*<br>Ilarawan ang uri ng pag-ibig ni Don Juan sa mga sumusunod:<br>a. Magulang<br>b. Kapatid<br>c. Kasintahan<br>d. Diyos<br><br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**KAHULUGAN, IYONG TURAN!** Gamit ang mga pahiwatig na konteksto, tukuyin ang kahulugan ng mga salitang nakasulat nang pahilig:<br>1. Bumili ang nanay ko ng *pirurutung* para sa lulutin niyang biko.<br>2. Maraming bata ang nahuhumaling sa makulay na laruang *olikornyo*.<br>3. Natakot ang mga umaakyat sa bundok nang makakita ng isang *ermitanyo*.<br>4. Pinatunayan niya sa magulang ng sinisinta na malinis ang kanyang *pithaya* sa dalaga.<br>5. Matapos sumugod sa malakas na ulan, *hinunos* niya ang nasang damit at agad na maligo ng malinit na tubig. | partisipasyon sa loob ng klase. Maaari ring baguhin ng guro ang paraan ng paglalahad ng gawain.<br><br>Siguraduhing ipagamit sa pangungusap sa mga mag-aaral ang mga salitang binigyan ng kahulugan.<br><br>*Susi sa pagwawasto:*<br>1. Pirurutong – uri ng bigas na malagkit at maitim na karaniwang ginagamit sa pagluluto ng mga kakanin<br>2. Olikornyo – kabayong may isang sungay at lumilipad; maaari ring isang malaking ibon ayon sa akda<br>3. Ermitanyo – taong nagpasyang lumayo at tumira sa isang malayong pook upang mamuhay nang tahimik at relihiyoso<br>4. Pithaya – hangad o layunin<br>5. Hinunos – hinubad |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Nilalaman ng Saknong 730 - 1006** | **Ikalawang Araw**<br><br>*Siguraduhing nabasa ng mga mag-aaral ang orihinal na teksto* |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**KAPWA KO, MAHAL KO!** Ibigay ang mga estrangherong nagpakita ng pagmamahal at tumulong kay Don Juan upang makarating siya sa Reyno de los Cristales.<br>*(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*<br><br>2. **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**PAGSUNUD-SUNURIN MO!** Pagsunud-sunurin ang mga mahahalagang pangyayari ayon sa binasang bahagi ng korido (saknong 730 – 1006). Ang unang pangyayari ay ibinigay na sa mga mag-aaral.<br>*(Tingnan sa pahina 3-4 ng Sagutang Papel)*<br>3. **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**SAKNONG KO, REAKSIYON MO!**<br>• Pangkatin sa lima ang mga mag-aaral.<br>• Bigyan ang bawat isang pangkat ng saknong na kanilang bibigyan ng reaksiyon at saloobin sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya.<br>**Pangkat 1 – Ipahayag ang saloobin at opinyon sa saknong na nasa ibaba sa pamamagitan ng isang maikling awitin.**<br>*Bawal sumalok ng tubig*<br>*kaya't ang lobo'y nang-umit,*<br>*gayon pa ma'y di nalingid*<br>*sa bantay na anong sungit.*<br>**Pangkat 2 - Ipahayag ang saloobin at opinyon sa saknong na nasa ibaba sa pamamagitan ng isang slogan.**<br>*Limutin sa alaala*<br>*ang giliw mong si Leonora,*<br>*dito ay may lalalo pa*<br>*sa karangalan at ganda.*<br>**Pangkat 3 - Ipahayag ang saloobin at opinyon sa saknong na nasa ibaba sa pamamagitan ng pagguhit ng mensaheng nais iparating ng pangkat.**<br>*"Kaya lamang di mapatay*<br>*yaring mahina kong buhay*<br>*ay pananggol kong matibay*<br>*ang pagsinta mong dalisay.* | *kung mayroong pagkakataon. Maaaring ipabasa sa bahay ang saknong 730 – 1006.*<br><br>*Mahalagang maghanda ng pamatnubay ng iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay.*<br><br>*Gawing pangkatang gawain ang pagsusunud-sunod ng mga pangyayari upang masiguro ang pakikiisa ng buong klase sa gawain.*<br><br>**Susi sa pagwawasto:**<br>*A. 8*<br>*B. 7*<br>*C. 6*<br>*D. 9*<br>*E. 10*<br>*F. 1*<br>*G. 5*<br>*H. 4*<br>*I. 2*<br>*J. 3* |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pangkat 4 - Ipahayag ang saloobin at opinyon sa saknong na nasa ibaba sa pamamagitan ng malikhaing pagkukuwento ng isang pagkakaton na kumaharap ka sa isang pagsubok. Ibahagi rin ang aral na natutunan mula sa karanasang ito.**<br>*Limang buwang paglalakad*<br>*pitong bundok ang binagtas,*<br>*pitong dusa't pitong hirap*<br>*bago sinapit ang hangad.*<br><br>**Pangkat 5 - Ipahayag ang saloobin at opinyon sa saknong na nasa ibaba sa pamamagitan ng pagbuo ng tableau.**<br>*Anong bagsik man ng batas,*<br>*sa parusa'y nagkakalas,*<br>*kasalanang di mabigat*<br>*patawad ang nararapat.*<br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Elementong Panglingguwistika (sukat, tugma, talinghaga at estilo)**<br><br>**1. Panghikayat na Gawain**<br>**MAGBUGTUNGAN TAYO!** Tukuyin ang salitang mabubuo mula sa mga ginulong titik. Gawing gabay sa pagsagot ang bugtong na ibinigay.<br>1. Ako'y bilang ng mga tugma,<br>maaaring itakda, maaaring malaya. (K S U T A)<br>2. Sa aking tunog,<br>tula'y nagkakaroon ng indayog. (U M T A G)<br>3. Kahulugan ko'y hindi literal<br>Sa tula'y nagbibigay-buhay (G H A A L T N I A)<br>4. Ako ang nagtatakda<br>kung paano isusulat ang isang tula. (S O L I E T)<br><br>**2. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**THINK-PAIR-SHARE.** Magbabahagi ang magkatabi sa isa't isa ng mga konseptong alam na nila, nais pang malaman, at mga dapat gawin upang | *Ipabasa sa mga mag-aaral ang bawat saknong bago ang presentasyon ng produkto upang mas mapahalagahan nila ang orihinal na estilo ng akda.*<br><br>*Maaaring gamitin ang mga sumusunod na krayterya sa pagtataya ng mga presentasyon. Maaari ring dagdagan ang krayterya. Malaya ang guro sa puntos na ibibigay.* |

matuto ng aralin. Matapos ang limang minuto, tatawag ang guro ng ilang magkapareha upang magbahagi ng kanilang naging talakayan.

| | |
|---|---|
| Ano-ano ang mga nalalaman ko na tungkol sa mga elemento ng tula? | |
| Ano-ano ang mga nais ko pang matutunan? | |
| Ano ang gagawin ko upang matuto ng iba pang konsepto tungkol sa mga elemento ng tula? | |

**3. Pinatnubayang Pagsasanay**

**SUKATIN MO!** Ibigay ang sukat ng mga taludtod na nasa ibaba:

*Nang abutan niyong lobo*
*katawan ay lunong-luno*
*lasog pati mga buto*
*dugo'y nunukal sa ulo.*

*Pinagyaman ang Prinsipe*
*sa higa ay pinagbuti,*
*kumuha ng tatlong bote*
*at lumipad na maliksi.*

**Sukat** - Ito ang bilang ng pantig ng tula sa bawat taludtod na karaniwang may sukat na waluhan, labing-dalawahan, at labing-animan na pantig. Ito ay tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong. Ang pantig ay tumutukoy sa paraan ng pagbasa.

Halimbawa:
isda – is da – ito ay may 2 pantig
is da ko sa Ma ri ve les – 8 pantig

**Mga Uri ng Sukat**

a. Wawaluhin
   Halimbawa:
   *Isda ko sa Mariveles*
   *Nasa loob ang kaliskis*

- *Kalinawan ng reaksiyon at saloobin ng pangkat*
- *Kaugnayan ng opinyon at saloobin sa saknong na ibinigay*
- *Pagkamalikhain ng presentasyon*

**Ikatlong araw**

*Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Kung may mas angkop na gawain ang guro, maaaring ito ang kanyang gamitin.*

| | | |
|---|---|---|
| | b. Lalabindalawahin –<br>Halimbawa:<br>*Ang laki sa layaw karaniwa'y hubad*<br>*Sa bait at muni, sa hatol ay salat*<br>c. Lalabing-animin<br>Halimbawa:<br>*Sari-saring bungangkahoy, hinog na at matatamis*<br>*Ang naroon sa loobang may bakod pa sa paligid*<br>d. Lalabingwaluhin<br>Halimbawa:<br>*Tumutubong mga palay, gulay at marami pang mga bagay*<br>*Naroon din sa loobang may bakod pang kahoy na malabay*<br><br>**TUGMANG TUGMA!** Suriin ang tugma ng saknong sa ibaba. Ang unang saknong ay ginawa na para sa iyo.<br>*Pagdapo sa punong kahoy* **a**<br>*namayagpag na ang ibon,* **a**<br>*balahibong unang suson* **a**<br>*hinunos na di nalaon.* **a**<br><br>*Nang malabas yaong bago*<br>*na makislap na karbungko*<br>*kay Don Juan ay tumungo*<br>*minulan na ang awit dito.*<br><br>Gabay na tanong: Magkasingtugma ba ang dalawang saknong? Patunayan.<br><br>**Tugma** - Isa itong katangian ng tula na hindi angkin ng mga akda sa tuluyan. Sinasabing may tugma ang tula kapag ang huling pantig ng huling salita ng bawat taludtod ay magkakasintunog. Lubha itong nakaga- ganda sa pagbigkas ng tula. Ito ang nagbi-bigay sa tula ng angkin nitong himig o indayog.<br><br>**Mga Uri ng Tugma**<br>1. **Hindi buong rima (assonance)** - paraan ng pagtutugma ng tunog na | *Mahalagang mataya ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa.*<br><br>*Ang mga gawain sa pinatnubayang pagsasanay ay maaaring gawing isahan o pangkatan.*<br><br>*Mahalagang maghanda ng pamatnubay ng iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay.* |

kung saan ang salita ay nagtatapos sa patinig.
Halimbawa:
Mahirap suma**ya**
Ang taong may sa**la**
Kapagka ang tao sa saya'y naga**wi**
Minsa'y nalilimot ang wastong uga**li**

Para masabing may tugma sa patinig, dapat pare-pareho ang patinig sa loob ng isang saknong o dalawang magkasunod o salitan.

Halimbawa:

a a a
a a i
a i a
a i i

2. **Kaanyuan (consonance)** - paraan ng pagtutugma ng tunog na kung saan ang salita ay nagtatapos sa katinig.
    a. unang lipon, mga salitang nagtatapos sa – b, k, d, g, p, s, t
    Halimbawa:
    Malungkot balikan ang taong lumipas
    Nang siya sa sinta ay kinapos-palad

    b. ikalawang lipon, mga nagtatapos sa – l, m, n, ng, r, w, y
    Halimbawa:
    Sapupo ang noo ng kaliwang kamay
    Ni hindi matingnan ang sikat ng araw

**TALINGHAGA, MAHIWAGA!** Pagtambalin ang talinhaga at ang halimbawa nito.

| TALINGHAGA | URI |
|---|---|
| 1. Sila'y tatlong magkakapatid<br>nag-aagawan sa rikit,<br>***tatlong mutya ng pag-ibig***<br>sa mundo'y walang kaparis. | a. pagtutulad o simile |
| 2. Manalig kang walang hirap | |

| | |
|---|---|
| na di nagtatamong palad,<br>***pagmasdan mo't yaong ulap***<br>***hinawi ng liwanag.*** | b. pagwawangis o metapora |
| 3. Kung narito ka Don Juan<br>makikita yaring lagay,<br>***ang dibdib mo kahit bakal***<br>***madudurog din sa lumbay.*** | c. pagmamalabis o hyperbole<br><br>d. pagsasatao o personipikasyon |
| ***4. Isang sirena sa dagat***<br>***ang kanyang nakakatulad***<br>may ngiting nakabibihag<br>sa puso ng lumiyag | |

Gabay na tanong: Paano mo natukoy ang uri ng mga talinghagang ibinigay?

**Talinghaga** - Tumutukoy ito sa paggamit ng matatalinhagang salita at tayutay. Ang tayutay ay isang sinadyang paglayo sa karaniwang paggamit ng salita upang gawing mabisa matalinghaga, makulay, at kaakit-akit ang pagpapahayag. Narito ang ilang uri ng tayutay:

a. Pagtutulad (simile) – ginagamit sa paghahambing ng dalawang magkaibang bagay, tao, pangyayari at iba pa. Gumagamit ng mga salitang tulad ng, gaya ng, para ng, kawangis, atbp.
b. Pagwawangis (metaphor) – katulad ng pagtutulad ngunit hindi ito gumagamit ng mga salita gaya ng sa pagtutulad.
c. Pagmamalabis (hyperbole) – lubhang nagpapalabis sa kalagayan ng tao, hayop, bagay at halaman
d. Pagbibigay-katauhan (personification) – pagsasalin ng katangian ng tao sa mga bagay, may buhay man o wala

**ESTILO, ITO BA'Y GETS MO?** Basahin ang mga saknong na nasa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong:

*Sa ating pagsusuyuan*
*sa atas ng pagmamahal*
*malihim ay kataksilan*
*ang Prinsesa'y nagsalaysay*

*"Kaya ikaw ay makinig*
*sa aking ipagsusulit*

*magmalas ka sa paligid*
*ng palasyong sakdal dikit.*

1. Ilang taludtod mayroon sa isang saknong ng Ibong Adarna?
2. Paano sinulat ang mga unang titik sa isang saknong?
3. Paano ito naiiba sa karaniwang tula?

**Estilo** – Ito ang uri o anyo ng tula; kung paano ba ito naisulat. Natutukoy din sa estilo kung ilan ang linya sa bawat saknong, kung ilang tugma mayroon sa isang taludtod, at iba pa. depende sa estilo ng makata, maaaring magsimula sa maliliit na letra ang bawat salita sa mga taludtod. Maaari ring sa malalaking letra magsimula o salitan.

**4. Paglalapat at Pag-uugnay**

**TULA MO, SULAT MO!** Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima. Bawat pangkat ay susulat ng tula tungkol sa wagas na pag-ibig. Dapat nilang sundin ang mga sumusunod na pamantayan:

- Dapat na may sukat na wawaluhin.
- Binubuo ng apat na saknong.
- May tugma na aaaa-bbbb-aaaa-bbbb.
- May dalawang tayutay.
- May pamagat.

Rubriks:

| **MAHUSAY (10)** | **KATAMTAMAN (7)** | **KAILANGAN NG PAGSASANAY (4)** |
|---|---|---|
| Malalim at makabuluhan ang kabuuan ng tula. | Bahagyang may lalim ang kabuuan ng tula. | Mababaw at literal ang kabuuan ng tula. |
| Gumamit ng dalawang tayutay. | Gumamit ng isang tayutay. | Walang ginamit ng tayutay. |
| Mahusay na nagamit ang itinalagang sukat at tugma. | May mga sukat at tugma subalit may ilang inkonsistensi. | May pagtatangkang gumamit ng sukat at tugma subalit halos inconsistent. |

**Kaugnay na Paksa 3: Tekstong Biswal sa Ibong Adarna: estereotipo (kasarian,**

**edad, etnisidad)**

1. **Panghikayat na Gawain**
   **HUMAN BINGO:** Bibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng human bingo card. Mag-uunahan silang makumpleto ito sa pamamagitan ng pag-ikot at pagtatanong sa mga kaklase.

| | | |
|---|---|---|
| Kaklaseng naniniwalang laging aktibo ang mga kabataan<br>____________ | Kakalaseng hindi naniniwalang dapat pagsilbihan ang mga kababaihan<br>____________ | Kaklaseng naniniwalang puno ng karunungan ang mga matatanda<br>____________ |
| Kakalaseng naniniwalang ang mga matatanda ay mahihina na<br>____________ |  | Kaklaseng naniniwalang dapat na laging malakas ang mga lalaki<br>____________ |
| Kaklaseng naniniwalang kakaiba sa atin ang mga katutubo o indigenous people<br>____________ | Kaklase mong gumaglang sa indibidwalismo ng bawat tao<br>____________ | Kaklaseng naniniwalang mas malakas ang mga lalaki kaysa sa mga babae<br>____________ |


*Mga gabay na tanong:*

1. Ano ang napagtanto mo matapos isagawa ang human bingo?
2. May sitwasyon ba o paniniwala sa human bingo na nakakatulad ng ilang pangyayari sa Ibong Adarna? Ano-ano ang mga ito?

2. **Pagproseso ng Pag-unawa**
   **ESTEREOTIPO, ANO ITO?** Gamit ang concept map, magbibigay ang mga mag-

*Kung may mas angkop na gawain ang guro para sa mga mag-aaral, maaaring ito ang gamitin.*

aaral ng mga estereotipo na naobserbahan nila sa mga nakaraang kabanata ng Ibong Adarna.




3. **Pinatnubayang Pagsasanay**

   **ESTEREOTIPO O HINDI?** Tutukuyin ng mga mag-aaral kung ang sitwasyon mula sa Ibong Adarna ay isang estereotipo sa panitikan o hindi. Kung ito ay estereotipo, maglalagay sila ng malungkot na emoticon sa kahon. Kung hindi naman, nakangiting emoticon ang iguguhit.

| | |
|---|---|
| | 1. Nandiri si Don Juan sa maitim na tinapay ng matanda at inakala na ito ay hindi masarap. |
| | 2. Bilang babae, si Donyaa Leonora ay mahina at madaling magupo ng kalungkutan. |
| | 3. Inakala ni Don Juan na alam ng mga ermitanyo kung nasaan ang kahariang hinahanap dahil may edad na sila o matagal nang nabubuhay. |
| | 4. Binanggit ng agila na ugali ng mga katutubo na maligo nang madaling-araw. |
| | 5. Bilang lalaki, mabilis na nalimot ni Don Juan si Donya Leonora dahil kay Donya Maria. |

*Mga gabay na tanong:*

1. Paano ipinakita sa Ibong Adarna ang estereotipo sa mga sumusunod:
   a. Edad
   b. Kasarian
   c. Etnisidad
2. Ano ang nakita mong kahinaan ng paggamit ng estereotipo sa isang akdang pampanitikan?
3. Paano nakatutulong ang estereotipo sa pagpapalawig sa katangian ng

**Ikaapat na Araw**

*Kung may malawak na lugar tulad ng court o quadrangle, mas mainam na doon isagawa ang gawaing ito.*

*Kung may mas angkop na gawain ang guro, maaaring ito ang gamitin.*

*Mahalagang maiugnay ang gawain sa mga susunod na konseptong tatalakayin.*

*Mahalagang mataya ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa.*

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
tauhan?<br>
Ang estereotipo ay isang pangkalahatang paniniwala tungkol sa isang grupo ng mga tao. Ang mga paglalahat na ito ay ipinapalagay na totoo tungkol sa bawat tao sa loob ng grupo at karaniwang umiikot sa mga katangian, paniniwala, pag-uugali, at kasanayan. Ang stereotyping ay may mga kapakinabangan at kahinaan. Narito ang ilan sa mga ito:<br>
Mga Kapakinabangan ng Stereotyping:
<ol>
<li>Pagpapabilis ng Pag-unawa: Ang paggamit ng stereotype ay maaaring makatulong sa mabilis na pag-unawa sa mga tao o grupo, dahil nagbibigay ito ng mabilis na mga paniwala o konsepto tungkol sa kanila.</li>
<li>Pangalawang Pag-iisip: Sa ilang mga sitwasyon, ang stereotype ay maaaring magbigay ng pangalawang pag-iisip na nagtutulak sa mga tao na pag-aralan o suriin ang kanilang mga opinyon at paniniwala.</li>
<li>Pagpapataas ng Pagkakakilanlan: Maaaring makatulong ang stereotype sa pagpapataas ng pagkakakilanlan sa loob ng isang grupo o komunidad, na maaaring magdulot ng pagkakaisa.</li>
</ol>
Mga Kahinaan ng Stereotyping:
<ol>
<li>Pagpapasara ng Isipan: Ang paggamit ng stereotype ay maaaring humantong sa pagpapasara ng isipan at pagiging bulag sa totoong katotohanan tungkol sa mga indibidwal o grupo.</li>
<li>Pagpapabaya sa Pagkakaiba-iba: Madalas na nauuwi sa panghuhusga at pagpapabaya sa mga pagkakaiba-iba ng mga tao o grupo dahil sa stereotype.</li>
<li>Pagpaparamdam ng Diskriminasyon: Ang mga stereotype ay maaaring magdulot ng diskriminasyon at pagtatangi sa mga indibidwal o grupo, na nagdudulot ng hindi pantay na trato at oportunidad.</li>
</ol>
KABABAIHAN, INGATAN! Suriin ang mga saknong sa ibaba. Ano ang nakita mong gawi o aksiyon na nagdudulot ng pang-aabuso sa kababaihan?<br>
<br>
Pagkat di na makatiis<br>
na timpiin ang pag-ibig,<br>
ninakaw na yaong damit<br>
ng prinsesang sakdal-dikit.
</td>
<td>
Mahalagang maghanda ng pamatnubay ng iba’t ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay.<br>
<br>
Susi sa pagwawasto:
<ol>
<li>😟</li>
<li>😟</li>
<li>😟</li>
<li>😟</li>
<li>😟</li>
</ol>
Mahalagang maipaunawa sa mga mag-aaral ang epekto ng paggamit ng estereotipo sa panitikan. Kung may maidaragdag pa sa pagtalakay na ibinigay, maaari itong idagdag.
</td>
</tr>
</table>

*Ang damit ay dinala na*
*sa dating kublihan niya,*
*sa gayong pagkakasala*
*nakahanda sa parusa.*

**Integrasyon**

Inilarawan ng Center for Women's Resources ang mga karahasan laban sa mga kababaihan sa pitong anyo at tinatawag itong 'Seven Deadly Sins' laban sa mga kababaihan. Ang pitong mortal na kasalanan laban sa mga babae ay:

1. **Panggagahasa at *Incest*** – isang krimen na nagaganap laban sa isang babae o isang bata sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kalagayan:
   - Sa pamamagitan ng puwersa, banta, o pananakot
   - Ang naagrabyadong partido ay walang malay o hindi malay
   - Sa pamamagitan ng panlilinlang o malubhang pang-aabusong ng may kapangyarihan
   - Kapag ang naagrabyadong partido ay may edad na hindi hihigit sa 12 taon o kulang sa bait
   - Kapag isinusuksok ng isang tao ang kanyang ari sa bibig o puwit ng ibang tao o anumang kasangkapan o bagay sa ari o puwit ng ibang tao

2. **Seksuwal na Pangha-harass** – anumang hindi nais, hindi inaasahang, at hindi makatarungang atensyon o kilos na seksuwal patungo sa isang babae na nagpaparamdam sa kanya ng hindi pagiging komportable, takot, hiya, pagkahiya, o pagkagalit.

3. **Karahasan sa Tahanan** (karahasan sa kababaihan at mga bata sa tahanan) – sa mga intimal na relasyon, ang karahasan ay nagaganap kapag:
   - Isang gawa o serye ng mga gawa (pisikal, seksuwal, sikolohikal, ekonomikong pang-aabuso) na isinagawa ng sinuman laban sa

| | | |
|---|---|---|
| | isang babae na asawa/dating asawa, live-in partner, may relasyon na may aspetong seksuwal o pagde-date, na mayroong anak (ligitimo o di-ligitimo)<br>4. **Sex trafficking, white slavery, at prostitusyon**<br>SEX TRAFFICKING:<br>▪ pagre-recruit, pag-transporta, pag-harbor, o pagtanggap ng mga tao<br>▪ may o walang pahintulot o kaalaman ng biktima<br>▪ sa loob o labas ng mga pambansang hangganan<br>▪ sa pamamagitan ng banta, paggamit ng puwersa, o iba pang anyo ng pilitan, pagdukot, pandaraya, panlilinlang, pang-aabuso ng kapangyarihan o posisyon<br>▪ para sa layuning sekswal na pagsasamantala o prostitusyon<br>PROSTITUSYON: anumang gawa, transaksyon, plano, o disensyo na kasama ang paggamit ng isang tao ng iba para sa pakikipagtalik o malaswang gawi sa kapalit ng pera, tubo, o anumang iba pang kapalit.<br>5. **Seksuwal na diskriminasyon sa lugar ng trabaho** – ang mga babae ay kadalasang kinukuha pa rin sa mga trabahong extension ng kanilang mga papel na kasarian o sa tinatawag na "pambabae" na trabaho. Ang mga babae ay kadalasang binibigyan ng mga trabahong may mababang kasanayan at sa mababang sahod na hindi nagpapaunlad ng kanilang pinakamahusay na potensyal. Bukod dito, ang mga kwalipikasyon tulad ng magandang personalidad, single, at bata ay pinipili. Sila rin ay binibigyan ng mas kaunting pagkakataon na mapabuti ang kanilang mga kasanayan at mapromote kumpara sa kanilang mga kapwa lalaki.<br>6. **Kakulangan o limitadong access sa pangangalagang pangkalahatan at pangangalaga sa bata** – karamihan sa mga babae ay hindi makakakuha ng mahalagang serbisyong medikal sa mga klinika at ospital. Ang mga pampublikong ospital at klinika ay may napakabatuhang medical na mga sangkap na maaaring ibinibigay ng libre.<br>7. **Karahasan bilang resulta ng pang-aapi ng estado** – isang mapang-api na pamahalaan ang nag-iinstitutionalize ng karahasan o paglabag sa mga pangunahing karapatan upang pigilin ang pulitikal na pagtutol. | *Bilang integrasyon, sumangguni sa Kailangang Konsepto't Kasanayan ng Araling Panlipunan 10 Kontemporaryong Isyu: Karahasan sa mga Lalaki, Babae, at LGBT. Talakayin ang Seven Deadly Sins against Women upang maging batayan sa isasagawa nilang paglalapat.*<br><br>*Isalin sa Filipino ang pagtalakay sa mga konseptong ibinigay. Mainam rin kung gagamit ang guro ng mga halimbawa o pangyayari sa bawat uri ng pang-aabuso na tatalakayin.* |

Ang panggagahasa at seksuwal na pang-aabuso bilang mga anyo ng pang-aalipusta ay ginagamit upang sirain ang dangal at lakas ng babae-biktima.

### IKAAPAT NA ARAW

**4. Paglalapat at pag-uugnay**

**KAMPANYA PARA KAY EBA!** Gagawa ang mga mag-aaral ng isang advocacy poster para sa pagtataguyod sa karapatan ng mga kababaihan. Dapat na gumamit ng angkop at mapang-akit na letra, larawan, disenyo, at kulay.

Rubrik:


| PAMANTAYAN | MARKA |
|---|---|
| Makabuluhan sa kasalukuyan at maisasakatuparan ang naipahayag na mensahe. | |
| Mapanghikayat at malikhain ang panawagan. | |
| Angkop, maayos, at malinaw and paraan ng pagpapahayag. | |
| Mahusay ang teknikalidad ng poster (kulay, imahe, letra, disenyo). | |
| 10 – Napakagaling<br>7 – Magaling<br>4 – Katamtaman<br>1 – Kailangan pa ng pagsasanay | |

*Maaaring gawing isahan o pangkatan ang gawain.*

**D. Paglalahat**

**1. Pabaong Pagkatuto**


**GAGAMBA NG MGA KONSEPTO:** Susumahin ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan sa loob ng isang linggo.




Maaaring gawing isahan po pangkatan ang paglalahat. Bantayan ang mga konsepto na nagdudulot pa ng kalituhan sa mga mag-aaral.

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**SAYSAY-BUOD:** Gamit ang sariling natamong kaalaman, ibuod ang nabasang akda at isaysay ang iyong mga natutuhan sa paksang tinalakay.




Upang mas maging makabuluhan Ang pagninilay ng mag-aaral, ang gawaing ito ay pang-isahan.

**IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | **MGA TALA SA GURO**

**A. Pagtataya**

**1. Pagsusulit**

Gumawa ng isang tula tungkol sa paggalang at pagmamahal sa kababaihan. Gawin ito ayon sa pamantayang nasa ibaba:


a. May apat na saknong
b. May sukat na lalabingdalawahin
c. May tugmang abab-cdcd-abab-cdcd
d. May dalawa o higit pang tayutay
e. May angkop na pamagat

**Rubriks:**

| PAMANTAYAN | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Sumunod sa itinalagang bilang ng saknong, sukat, at tugma | | | | | |
| Nakagamit ng tayutay sa tula | | | | | |
| May malalim at pinag-isipang mensahe ang tula | | | | | |
| Malikhain ang pagkakasulat ng tula | | | | | |
| Angkop at malikhain ang pamagat | | | | | |

Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng quiz notebook upang masubaybayan ang kanilang pang-akademikong pag unlad. Ang quiz notebook ay maaari ding magsilbing *homework notebook*.

Ang gawaing ito ay tutuhog sa kabuoang paksang natalakay. Tiyaking magabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo nito. Malaya ring baguhin ng guro ang rubriks na nakalagay.

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>1. Ano sa tingin mo ang kahihinatnan ni Don Juan sa kamay ni Haring Salermo? Isulat ang kasagutan sa speech bubble.<br><br><br><br>2. Basahin ang mga saknong bilang 1007 – 1362. Pumili ng isang saknong at humandang ipaliwanag sa klase ang kaugnayan nito sa iyong buhay.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5"></td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | Gabay sa Pagninilay:<br>▪ **<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>**<br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ **<u>Mag-aaral</u>**<br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ **<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>**<br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | |